


Paano gumawa ng entrepanyo



Kahit sino ay makakagawa ng entrepanyo para sa Kumot na pang-alaala sa mga minamahal na namatay sa AIDS. Hindi kailangang marunong gumuhit o manahi. Ikaw ay makagagawang mag-isa o kasama ang tulong ng mga kaibigan, pamilya at ka-trabaho.

Para sa paggawa ng entrepanyo para sa Kumot, sundan lamang ang mga hakbang na ito:

1. Magdibuho ng entrepanyo. Isama ang pangalan ng tao at mga ibang impormasyon katulad ng araw ng kapanganakan, araw ng kamatayan, bayang pinanggalingan at iba pang impormasyon tungkol sa buhay niya.

2. Pumili ng mga materyales. Sa dahilang malimit itupi at buksan upang maipakita ang Kumot, kailang pumili ng matibay na tela. Ang telang medyo ang bigat, at hindi nauunat katulad ng koton ay mainam.

Ang natapos na entrepanyo ay dapat 3 x 6 piye (90 x 180 sentimetro)

Sa pagtabas ng tela, mag-iwan ng labis na 2-3 dali sa bawat tagiliran para sa tupi. Kung hindi maitupi ang tagiliran, kami ang gagawa nito para sa inyo. Inirerekomenda na lagyan ng aporo ang entrepanyo upang

manatiling malinis kapag inilagay sa sahig o lupa.

3. Gamitin ang isa sa mga paraang ito sa paggawa ng entrepanyo:

- **Manahi:** Itahi sa tela ang sulat at ibang mga alaala ng minamahal sa entrepanyo. (Huwag gumamit ng pandikit at hindi ito magtatagal.) Siguraduhin na anumang materyales na idadagdag sa entrepanyo ay hindi makasisira sa tela nito. Iwasan ang paggamit nang materyales na baso, sequins at matatambok na bagay.

- **Pintura:** Gumamit ng pintura para sa tela o pang-kulay na hindi nangungupas o tintang hindi naaalalis.

- **Istensil:** Gumamit ng lapis sa pag-kopya ng dibuho sa tela. Pagkatapos, punuin o lagyan nang pintura o pang-kulay.

- **Larawan:** Ang pinaka-mabuting paraan sa paggamit ng larawan o sulat ay i-foto kopya ito sa iron-on transfers. Iplantsa ang transfer sa telang 100% na koton at itahi sa entrepanyo. Maaari rin ipalaminat ang larawan at itahi sa entrepanyo.

4. Gumawa ng isa o dalawang pahinang sulat tungkol sa taong inaalala ninyo sa entrepanyo. Isulat ang inyong relasyon, kung papaano niya gustong maalala at ang paboritong kuwento tungkol sa kanya. Kung maaari, magpadala ng larawan kasama ng sulat para sa aming koleksiyon.

5. Sa ibang papel, isulat ang

impormasyon na ito (sa Ingles, kung maaari):

- ang inyong pangalan, tirahan at telepono
- ang pangalan sa entrepanyo
- mga importanteng siyudad na ipapakita ang entrepanyo (hindi garantisado na maipapakita sa mga nasabing siyudad and entrepanyo)
- ang inyong relasyon sa tao sa entrepanyo
- mga petsa sa entrepanyo
- kopyahin ang mga pangungusap na ito:

"I understand that this panel and other documents I submit become the property of the NAMES Project Foundation. I grant the NAMES Project Foundation all rights to use these materials."

- pirmahan ninyo ang pangalan ninyo at ilagay ang petsa.

6. Kung posible, magbigay kayo ng perang kontribusyon para sa gastos sa pagtatanghal at pag-alaga sa Kumot na pang-alaala.

7. Inyong ingatang balutin ang entrepanyo at ipadala sa:
The NAMES Project

New York City Chapter
75 Varick Street, Suite 1400
New York, NY 10013

☎ (212) 226-2292



**THE NAMES
PROJECT**

AIDS Memorial Quilt